# Pakiusap para sa lahat ng mga taga-Tokyo tungkol sa COVID-19

- ○ Napakarami na ang nagkasakit ng COVID-19 sa kasalukuyan. Kapag lalo pang dumami ang bilang nito, magiging mapanganib. Delikado na ang sitwasyon.
- ○ Nakadeklara ang state of emergency sa Tokyo. Ang mahalaga sa ngayon ang manatili sa ating mga tahanan. Gayundin huwag munang makipagkita o bumisita para makipagkuwentuhan sa ibang tao.
- ○ Isang hiling sa lahat ang pagdeklara ng state of emergency para baguhin natin ang ating pamumuhay.

**Mula at hanggang kailan** Mula hatinggabi ng ika-25 ng Abril (Linggo) hanggang hatinggabi ng ika-11 ng Mayo (Martes)

## Mga taong nakatira sa Tokyo

### Pananatili sa tahanan

- ○ Hangga't sa maaari, manatili sa inyong tahanan. Iwasang lumabas ng bahay.
- ○ Ngayong Golden Week (GW) huwag na munang lumabas upang bumiyahe o mamasyal.
- ○ Kung makikipagkita sa mga taong hindi mo madalas na nakakasama, piliin na lang na online makipagkita.

### Sa oras ng kainan

- ○ Mangyaring kumain kasama lamang ang pamilya o ang mga kasama sa bahay.
- ○ Iwasan ang pagtitipon-tipon sa lansangan o sa park para makipag-inuman.

## Mga may-ari ng tindahan o negosyo

### Huwag na munang magbukas, o maagang magsara

【Mga restwaran】

① Ang mga saklaw na lugar: **Restawran, karaoke**, atbp na nagbebenta ng alak
Pinapakiusapan na huwag munang magbukas.

② Iba pang tindahan na hindi saklaw sa ①
Pinahihintulutang oras ng pagbukas: **5:00 AM - 8:00 PM**

【Mga nagsasagawa ng mga event o palabas※】

- ○ Pinakikiusapan na huwag munang magbukas o magpapasok ng mga manunuod at customer.

※Teatro, lugar na pang-meeting, pang-isports na pasilidad, amusement park, atbp

一般財団法人
東京都つながり創生財団
Tokyo Metropolitan Foundation "TSUNAGARI"

## Para sa mga pasilidad —Pakiusap para sa pansamantalang pagsasara

● Magkakaiba ang pagtugon ayon sa laki ng pasilidad

| Pasilidad | Mga halimbawa | Nilalaman ng pakiusap |
|---|---|---|
| Teatro atbp. | Sinehan, planetarium, atbp | 【Pasilidad na higit sa 1,000 sq.m. ang lawak】<br>● Huwag na munang magbukas.<br><br>【Pasilidad na may lawak na 1,000 sq.m. o mas mababa】<br>● Hangga't sa maaari, huwag na munang magbukas. |
| Pangkomersyong pasilidad | Shopping mall, department store, supermarket, convenience store, drugstore, gasolinahan, atbp | |
| Pang-isports na pasilidad | Gym, swimming pool, panloob na tennis court, atbp | |
| Pook panlibangan | Bowling alley, sports club, pachinko parlor, game center, atbp | |
| Museo atbp. | Iba't-ibang klase ng museo, aquarium, zoo, atbp | |
| Pasilidad ng aliwan | Private video shops, pampublikong paliguan ng mga negosyong bathhouse, booth para sa bentahan ng tiket para sa karera ng kabayo, atbp | |
| Serbisyo | Super sentō, serbisyong pampaganda tulad ng nail salon at beauty salon, atbp | |

# Tungkol sa mga event o palabas ― Isa pang pakiusap

● Pinapakiusapan ang nagsasagawa ng mga event ― Magkakaiba ang pagtugon ayon sa pasilidad

- Huwag munang magpapasok ng mga manunuod (o customer) sa mga pasilidad

● Ang mga saklaw na pasilidad

| Pasilidad | Mga halimbawa | Nilalaman ng pakiusap |
|---|---|---|
| Teatro atbp. | Teatro, mga lugar na ginagamit sa panunuod, atbp | ● Huwag munang magpapasok ng mga manunuod (o customer) sa mga pasilidad<br><br>【Para sa mga pang-isports na pasilidad】<br>・Limitahan ang bilang ng mga taong papapasukin.<br>・Huwag munang magbenta ng alak.<br>・Magsara nang mas maaga (hanggang alas 8:00 ng gabi). |
| Lugar na pang-meeting | Mga lugar na pang-meeting, awditoryum, atbp | |
| Exhibition hall | Exhibition hall, conference room, atbp | |
| Hotel atbp. | Hotel, ryokan (mga lugar na ginagamit lamang para sa pagtitipon-tipon) | |
| Pang-isports na pasilidad | Istadyum ng baseball, golf course, batting center, atbp | |
| Atraksyon na lugar pasyalan | Theme park, amusement park | |